# Ang Pilosopiya ni Ricardo Pascual

**Joshua Mariz B. Felicilda**
De La Salle University

## ABSTRAK

Layunin ng papel na itong maimulat ang mga ideya at kaisipan ng Pilipinong pilosopo na si Ricardo Pascual. Nahahati ang papel sa tatlong bahagi: Una'y pagtalakay sa kontrobersiyal niyang karera sa Unibersidad ng Pilipinas (UP). Ang ikalawa'y pagbubuod at pagsusuri ng mahahalagang mga akda ni Ricardo Pascual. Ang pangunahing pokus ng pagsusuri na ito'y ang mga nailathala niyang aklat. Gamit ang balangkas ng labing-anim na diskurso ng Pilosopiyang Filipino na binalangkas ni Feorillo Demeterio (2013) na ginamit ni Emmanuel De Leon sa pagsusuri niya ng mga Tomasinong Pilipino, susuriin ang pangkalahatang anyo at diskurso ng pamimilosopiya ni Pascual, sa pamamagitan ng pagsasakategorya ng kanyang mga akda batay sa balangkas ni Demeterio. Ang huling bahagi nama'y paghahalaw ng mga mahahalagang punto ng pilosopiya ni Pascual, partikular ang kanyang pagtugon sa mga isyung politikal ng bansa. Giit ng papel na ang pangunahing pilosopikal na layunin ni Pascual ay ang pagtatalakay sa kontemporaryong sosyo-politikal na isyu ng bansa upang makapagbigay-lunas sa mga ito, sa paraang hawig sa kanyang iniidolong si Rizal. Maimpluwensyang pigura si Pascual sa Departamento ng Pilosopiya ng UP noon, at ibinahagi niya sa mga estudyante ang anyo ng pilosopiyang gumagamit ng lohikang minana niya sa positibismo at kritikal na diskurso.

*Mga susing salita:* Ricardo Pascual, labing-anim na diskurso ng pilosopiyang Filipino, Jose Rizal, rasyonalismo, demokrasyang walang partido, pilosopiya ng edukasyon, lohikal na positibismo, pilosopiyang Filipino

## ABSTRACT

This paper aims to shed light on the thought and ideas of the Filipino philosopher, Ricardo Pascual. It is divided into three parts: Firstly, it discusses his controversial career at UP. Secondly, it aims to analyze and synthesize Pascual's notable works, mainly his published books. Using Feorillo Demeterio's sixteen discourses in Filipino philosophy (2013) as a framework which was used by Emmanuel De Leon in his analysis of Thomasian philosophers, this paper investigates the overall philosophical discourse of Pascual, by categorizing his works based on Demeterio's framework. The final part of the paper aims to surface notable points in Pascual's philosophy, particularly his responses to political issues in the

country. This paper argues that Pascual's main philosophical project centers on discussing the contemporary socio-political issues of the country during his time in order to prescribe solutions to them, in a way that resembles those of his idol, Jose Rizal. Pascual was an influential figure in the Philosophy Department at UP at the time and he was able to impart to his students a philosophy in the form of logic that he inherited from positivism as well as critical discourse.

*Keywords:* Ricardo Pascual, sixteen discourses of Filipino philosophy, rationalism, partyless democracy, philosophy of education, logical positivism, Filipino philosophy

## Introduksiyon

Isang malaking kabalintunaan na ang isang kontrobersiyal na pigura kagaya ni Ricardo Pascual, na nagturo sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa mga taong 1933–1967, ay may minimal na pagkilala sa kasalukuyang henerasyon ng mga pilosopo.

Maaari nating tukuying salik dito na naging aktibo si Pascual sa panahong nagsisimula pa lamang sumibol ang mga bagong kaalaman, sa pagmulat mula sa isang *dogmatikong pag-idlip* (o *dogmatic slumber,* hango sa Ingles na salin kay Kant), mula sa daantaong paghahari ng Tomismo noong kolonyal na panahon. Prominenteng tema ang panahon ni Pascual bilang panahon ng pangingibang-bansa ng henerasyon ng mga Pilipinong pilosopo upang mamalengke ng makabagong pag-iisip (relatibo sa mileu ng Pilosopiyang Filipino sa bansa). Ito namang mga bagong kaisipa'y iniuwi nila't ipinamahagi sa mga kapwa akademiko at estudyante sa larang.[1] Hindi rin ganap na pulido ang kultura ng iskolarsyip sa lokal na eksena, kung ihahambing sa agresibong kultura ng pagsusulat sa mga kakontemporaryo nitong bansa (bagay ito na makatotohanan pa rin sa kasalukuyang panahon). Nalimitahan ang pagkilala sa mga gaya ni Pascual at ang mga kakontemporaryo niyang si Cesar Majul at Leopoldo Yabes, sapagkat naging aktibo sila sa panahong hindi kasing-agresibo ang iskolarsyip kung ikukumpara natin sa sumunod na henerasyon ng mga iskolar, partikular ang mga kakontemporaryo nina Leonardo Mercado, Romualdo Abulad, Alfredo Co, atbp. (lalo na nang itinatag ang Philosophical Association of the Philippines, Philosophical Conference of the Philippines, at maraming kilusan na may layong maghanap at makabuo ng Pilipinong kaisipan). Ang sumunod namang kontemporaryong henerasyon ng mga iskolar ay mas naging interesado sa mga pilosopong mas naging tanyag, (na kung tutuusi'y napakalawak din ng bibliyograpiya ng mga naisulat) gaya ni Emerita Quito na isang household name sa mga estudyante ng pilosopiya sa bansa. Sa kontekstong ito, mayroon tayong ideya kung gaano kahirap maging isang kilalang iskolar sa mga panahong pre-internet at may halong matinding sipag at kaunting suwerte upang umabot sa mga susunod na iskolar ang kaniyang mga akda.

Gayumpaman, kinikilala rin si Pascual sa komunidad ng pilosopiyang Filipino kung saan natutukoy siyang kabilang sa henerasyon ng mga pilosopong nag-ambag ng bagong kaalaman sa bansa mula sa pag-aaral sa banyaga (Abulad at Co 7). Bukod sa kanyang mga publikasyong tumatalakay sa kritikal na diskurso, at pagtalakay sa pilosopiya ng bayani gaya ni Rizal, mahalaga rin ang kontribusyon ni Pascual sa paghubog ng kultura ng pamimilosopiya sa UP noong panahon niya. Handog niya halimbawa sa mga silid-aralan ng UP ang anyo ng simbolikong lohika na bunga ng kilusang lohikal na positibismo. Ani De Joya, "tinitingnan niya [ni Pascual] ang kaniyang sarili bilang isang rasyunal na intelektuwal na ipinagmamalaking siya'y ginagabayan ng katuwirang iniluwal ng Enlightenment"[2] (108). Bagay ito na naging ugat ng imbestigasyon at alitan mula sa mga administrador, partikular ng Committee on Anti-Filipino Activities (CAFA), kung saan kabilang si Josefina Constantino, kalihim ng dating pangulo ng UP na si Vidal Tan.

Ang paglilitis kay Pascual noong 1961, ani Preciosa De Joya'y pag-uulit ng mas naunang akusasyon ni Constantino kay Pascual noong gitnang dekada singkuwenta (12), kung saan pinagbintangan siya [si Pascual] na isang komunista at naghahasik ng kamalayang komunista/sosyalista nang dahil sa pagiging agnostiko at positibista nito. Dahil siya'y napag-initan ng administrasyon sa UP, lumisan si Pascual ng bansa. Isandekada matapos ang kanyang pangingibang-bansa'y nagkaroon ng pag-usbong at pagyabong ng interes sa pamimilosopiya sa mga sirkulo at kumperensiya ng mga pilosopo't iskolar.

Magsisimula lamang ang isa sa mga pinaka-unang lektura ng Philosophical Circle of the Philippines (PCP), sa taong 1972, at sa panahong ito'y limang taon nang lumisan sa UP si Pascual at nagtuturo na sa Bradley University Illinois (De Joya 26). Hindi na siya muling uuwi sa bansa upang ipamahagi ang kanyang mga sulatin sa impresyonableng henerasyon ng mga pilosopong Pilipino.

Noong mga panahon ding ito'y nagbigay-tuon ang pilosopiyang Filipino sa *pagsasakatutubo*[3] (sipi kay Demeterio). Ang nabanggit halimbawa na PCP sa kanilang seryeng lektura'y nagpokus sa Pilipinong konsepto ng Diyos, kagandahan, sikolohiya, atbp. (Abulad at Co 10); mapapaisip na lamang tayo kung ano kaya ang magiging ambag, kung nakipag-halubilo si Pascual sa mga seryeng ito. Kalauna'y dumistansiya na rin ang mga Pilipinong pilosopo sa pag-aabala sa paghahanap ng isang awtentikong pilosopiyang Filipino bunga na rin ng mga pundamental na pagkukulang sa metodo at bunga nito.

Sa kabilang banda, si Pascual, na isang tagahanga sa aniya'y rasyonalismo ni Rizal, ay sinikap hukayin at ungkatin ang mga pilosopikal na ideolohiya ng ating pambansang bayani, bago pa man pinag-usapan ng mga sirkulo ng pilosopo sa mga kumperensiya sa bansa ang mga Pilipinong konsepto ng mga bagay-bagay. Marahil

lumang balita na ang kuwestiyon ng pamimilosopiya, at hindi na rin bago ang mga pagsisikap na sumuri ng mga pilosopikal na elemento mula sa ating mga bayani. Sinubukan na rin naman ito ni Rolando Gripaldo ukol sa ating mga bayani gaya nina Bonifacio, Jacinto, at ni Rizal, mahabang panahon na ang nakalipas pagkatapos ni Pascual. Maliban kay Rizal, inungkat niya rin bilang punto ng pagsipat ang konsepto ng demokrasyang walang partido (*partyless democracy*) ni Manuel Quezon. Kaiba sa pagsasalarawan ng rasyonalismong pilosopiya ni Rizal, sinikap naman ni Pascual na bumuo ng masinsinang panukala sa kakaibang anyo ng Demokrasya na bago sa paningin ng karaniwang madlang sanay sa mga partido't kuponan.

Pumukaw ng aking interes hindi lamang ang pagkahumaling ni Pascual sa mga panukala ng mga kinikilala nating pigura sa kasaysayan, kundi pati ang pagsisikap niya na isakongkreto ang mga sinipat niyang pilosopiya sa kontemporaryong sosyo-politikal na tanawin ng bansa. Bukod sa kanyang lohikal na diskurso, hayag ang inisyatiba niyang bigyang aplikasyon ang mga pilosopiyang ito at ipanukala bilang lunas sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan. Hindi lamang tumutuon si Pascual sa mga pilosopikong konsepto ni Rizal kundi kung paano ito magagamit sa napapanahong isyu ng kanyang panahon, na tumatawag ng muling pagsisiyasat.


Layunin ng papel na ito na sistematikong mailarawan ang pilosopiya ni Pascual, partikular ang mga sumusunod: (a) Sa unang bahagi'y, paglalarawan ng kanyang karera bilang pilosopo at propesor ng pilosopiya sa Pamantasan ng Santo Tomas. Kasama sa pagpapakilala kay Pascual ay ang salaysay ng kanyang kontrobersiya sa naturang Pamantasan; (b) Ikalawa nama'y pagsasakategorya ng kanyang mga pilosopikal na akda gamit ang balangkas ng labing-anim na diskurso ng pamimilosopiyang Filipino ni Demeterio. Sa ganitong paraan natin malilinaw ang ambag at kontribusyon ni Pascual sa larangan ng pilosopiyang Filipino; (c) Huli'y pag-bibigay-diin sa mga pinakaimportanteng punto ng pamimilosopiya ni Pascual. Kasama rito ang paglalarawan sa mga layunin, pangunahing mga paksa ng pamimilosopiya, at pamamaraan ng diskursong pilosopiko ni Pascual. Kaakibat nitong layunin ang mabigyang-diin kung bakit siya maituturing na pilosopong Pilipino.

## Metodolohiya ng Pagsusuri sa Pilosopiya ni Pascual

Hindi magiging madali ang hangaring sistematikong mailarawan ang kahit anong anyo ng pamimilosopiya, kasama na ang kay Pascual. Sa pilosopiyang Filipino lamang ay makatatagpo ng isang masalimuot na koleksiyon ng mga ideya't metodo, bunga na rin ng mayamang pananaliksik na isinagawa ng ating mga iskolar. Bilang gabay sa pagsusuri ng pilosopiya ni Pascual, ginamit ng papel na ito ang "labing-anim na kahulugan ng Pilosopiyang Filipino" ni Demeterio. Bunga ito ng maraming taong pag-klasipika (na tila isang taksonomiya) ng iba't ibang pilosopikong adyenda,

at komparatibong analisis ni Demeterio sa iba't ibang taksonomiyang isinagawa ng mga pilosopong sina Fernando Nakpil-Zialcita, Florentino Timbreza, Emerita Quito, Napoleon Mabaquiao, Romualdo Abulad, Rolando Gripaldo, at Alfredo Co. Ang naging bunga'y isang masalimuot na sistema ng klasipikasyon na binubuo ng labing-anim na diskurso o anyo ng pilosopiyang Filipino (De Leon 17).

Naririto ang balangkas ng nasabing labing-anim na mga diskurso:




**Pigura 1:** Ang Labing-anim na Diskurso ng Pamimilosopiyang Filipino ni F.P.A. Demeterio III

Nauna nang ginamit ang balangkas na ito ni Emmanuel De Leon sa kanyang disertasyong pinamagatang *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (2019) kung saan sinuri niya ang mga pilosopikal na nilalaman ng limang tanyag na pilosopo na bunga ng Pamantasan ng Santo Tomas: sina Quito, Timbreza, Abulad Leonardo Mercado, at Florentino Hornedo. Ginamit rin ito ni Leslie Liwanag (2018) sa kanyang pagsusuri sa pilosopiya ng dalawang babaeng pilosopo na sina Quito at Mary John Mananzan. Ang aklat ni De Leon ay nagsilbing katalogo ng mga kaisipan ng nabanggit na Tomasinong pilosopo kung saan ginamit ang mga diskurso ng pilosopiyang ihinain ni Demeterio upang mahalaw ang mga pangunahing ideya ng bawat Tomasino. Pinuna rin ni De Leon ang porsiyento ng mga diskursong ginamit ng bawat pilosopo upang mas matematikong matiyak ang timbang ng bawat diskursong nilalaman ng bawat pilosopo, at mula doo'y binigyang-diin niya ang mga mahahalagang puntos ng bawat pilosopo. Sa kabilang banda, ginamit naman ni Liwanag ang mga diskurso ni Demeterio upang mabigyan ng puntong-paghahambing ang dalawang babaeng pilosopo (129). Iniisa-isa naman ni Liwanag ang metodolohiya ng pamimilosopiya ni Quito at ni Mananzan na nahalaw niya mula sa inilatag na diskurso ni Demeterio, at kung saa'y ang bawat metodolohiya'y sinuri niya.

Interesante ring tukuyin na sa parehong pag-aaral, tinanggal ng parehong iskolar ang unang apat na diskurso, ang unang tatlo bilang mga di-tekstuwal: pilosopiya sa laylayan, panayam ukol sa eskolastisismo, panayam sa iba pang mga banyagang pananaw at ang isang tekstuwal ngunit di akademikong diskurso na kritikal na analisis bilang di-akademikong paraan.[4]

Nakapagbigay ng madetalyeng paliwanag si De Leon (20–23) sa katangian ng bawat anyo ng pilosopiya na siyang magiging basehan sa pagsasakategorya natin sa mga akda ni Pascual. Ngunit, kaiba sa ginawa ni De Leon na sinikap bumuo ng estatistikal na pagtatala ng porsiyento ng mga akda batay sa bawat diskurso sa balangkas ni Demeterio, tutuon ang papel sa pagsasakategorya ng bawat aklat lamang, at suplementaryo ang mga artikulo ni Pascual at tungkol kay Pascual sa pag-aaral na ito.

## Si Ricardo Pascual at ang Supresyon ng CAFA sa UP noong 1961

Isa sa kontrobersiyal na panahon sa kasaysayan ng UP ang nangyaring panggigipit sa Akademikong kalayaan ng CAFA noong 1961. Ilan sa mga pinag-initan ng CAFA ay ang agnostiko at positibistang si Pascual mula noong gitna ng dekada singkuwenta at noong taong 1961 sa kasagsagan ng paglilitis ng CAFA. Gaya ng kanyang idolong si Jose Rizal, tila isinabuhay ni Pascual ang rasyonalismong iniugnay niya rito, at gaya ni Rizal ay nagtamo ng persekusyon at tunggalian sa mga klerikong obheto ng kanyang kritisismo.

Importanteng tukuyin na binuo ang organisasyon ng CAFA noong taong 1948 ng Kongreso ng Pilipinas upang imbestigahan ang lumalaking impluwensiya ng komunismo sa Pilipinas (Tadem). Bukod sa layunin nitong tugisin ang komunismo, nagdulot ito ng matinding pakikibaka sa mga estudyante ng UP. Inilarawan ito ni Eduardo Tadem sa rebyung sanaysay na pinamagatang "A Military Officer Explores the Roots of Social Unrest" (2018):

> Isang hindi inaasahang bunga ng CAFA witch-hunts, ay ang pagpapasiklab nito ng aktibismo sa mga estudyante at faculti ng UP na nagrali upang ipagtanggol ang akademikong kalayaan at iskolarling integridad ng pamantasan. Humantong ito sa 5,000 kataong pwersang malawakang kilusan ng komunidad ng UP noong Marso 1961 na pinangunahan ng Student Cultural Association of UP (SCAUP) na nagdelehitimo sa CAFA kontra sa pamantasan.[5]

Dagdag pa ni Dominique Caouette (2012), bunga ng paglilitis ng CAFA sa mga akademiko ang lalo pang pagyabong ng Marxistang kaalaman noong mga panahong iyon (246). "Sa mga panahong iyon, naging intelektwal na sentro ang UP para sa mga aktibistang estudyante at manunulat upang matuklasan at matutunan ang Marxismo"[6] (246). Ang mga gaya ni Jose Maria Sison halimbawa ay mas naengganyong bumaling sa makakaliwang ideolohiya nang dahil sa nangyaring panggigipit ng CAFA (Abinales 14).

Madetalyeng itinala ang mga pangyayaring ito ni de Joya sa artikulong "Exorcising Communist Specters and Witch Philosophers: The Struggle for Academic Freedom" ang nangyaring sunod-sunod na paglilitis ng Committee on Anti-Filipino Activities (CAFA) na pinangasiwaan ni Cong. Leonardo Perez, sa anyong McCarthyismo noong dekada singkuwenta sa Estados Unidos. Tumutukoy ang McCarthyismo sa isang kilusan noong dekada kuwarenta hanggang singkuwenta sa Estados Unidos na pumupuntirya sa mga makakaliwang pananaw sa takot ng pagkalat ng komunismo o sosyalismo, na siyang minana rin ng Pilipinas sa panahong popular ang kilusang makakaliwa. Ito ang dahilan kung kaya't makikita natin sa mga tala ni De Joya na tila napag-initan ang Departamento ng Pilosopiya sa UP, at partikular si Pascual na isang aminado at bokal na agnostiko. Naitala halimbawa ni De Joya ang mga ibinitaw na paratang ni Josefina Constantino kay Pascual:

> Nang mabigong mapatunayan kung may komunistang pagkiling si Pascual, iminungkahi naman ni Constantino ang naturang "godlessness" nito, na ginigiit na ang pilosopiya ng Lohikal na Positibismo'y "lumilikha ng kaligiran ng 'pagkahiyang' sa komunistang indoktrinasyon.[7] (91–92)

Ang mga nilitis ng organisasyong CAFA sa UP ay ang hanay sa akademyang hinihinalang kaalyado ng Komunismo. Binigyan ito ni De Joya ng naaangkop na pangalang *witchhunt* na balik-tanaw sa midyibal na paglilitis ng simbahang Katolika at pagpatay sa mga taong ngayo'y matatawag na kampeon ng malayang pag-iisip na binansagang erehe  o alagad ng demonyo.

Sa mga taong ito noong dekada sisenta, kasalukuyan nang nagtuturo bilang propesor ng pilosopiya si Pascual, at dekano ng Gradwado ng Sining at Agham sa Pamantasan. Isang *Logical Positivist,*[8] na noong kanyang doktorado'y naging estudyante ng kilalang pilosopong si Bertrand Russell.[9]

> Bilang estudyante ng gradwado sa Pamantasan ng Chicago noong gitnang dekada '30, nabigyan ng oportunidad si Pascual na makatrabaho ang Briton na analitikong pilosopo na si Bertrand Russell. Noong panahong yaon, isa sa mga napapanahong trend sa pilosopikong pag-aaral ang Lohikal na Positibismo, isang kilusan kung saan nangunguna si Russell. Hindi ngayon maipagkakaila na si Pascual, sariwa mula sa kanyang gradwadong pag-aaral, ay bumalik sa Pilipinas upang ikalat itong 'ebanghelyo' ng positibismo, na sa praktikal na usapin, ay tumutukoy sa aplikasyon ng siyentipikong metodo at simbolikong lohika.[10] (De Joya 112–13)

Naging ugat ng intriga si Pascual sa mala-ereheng paninindigan sa lohika (bunga ito ng matinding pagkiling ng kilusang Positibismo sa mga siyentipikong metodo) na hindi naging katanggap-tanggap sa sektaryang organisasyon ni Fr. John Delaney, ang UP Student Catholic Action (UPSCA), at lalo ng CAFA, na agresibong pinag-initan ang mga propesor, lalo sa malayang sining, gaya nina O.D. Corpuz, Cesar Majul, at Pascual (De Joya 5). Mariin namang ipinagtanggol ni Pascual, ani De Joya, ang paninindigan niya sa lohikal na positibismo lalo na sa "analisis sa mga isyung sosyo-politikal" at iginiit pa nito na "hindi lamang napapanahon ang simbolikong lohika, kundi kailangang-kailangan ito sa pagtugon sa mga krisis ng panahon"[11] (113).

Masalimuot ang sitwasyong kinalalagyan ng pamantasan noong panahong ito. Inilalarawan ni Yabes ang taong 1961 (panahon ng paglilitis ng CAFA) bilang taon kung kailan niyanig ang UP sa pundasyon nito (88). Sa isang banda'y malakas ang mga sektaryang institusyon sa loob ng pamantasan, na kumikiling sa gahum ng Katolisismo at, gaya nang sa kolonyal na panahon, layunin nito ang matatag na imposisyon ng mga Katolikong pagpapahalaga. Bagaman walang masama sa relihiyon per se, nagdulot naman ito ng pagkitil sa akademikong kalayaan ng mga estudyante, at  mga propesor gaya ni Pascual. Ang dekada ring ito'y minarkahan ng *red scare* ang politikal na sitwasyon ng mundo. Nasa rurok ang tensiyon sa

pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet. Ang paglilitis ng CAFA'y pag-uulit ng McCarthyismong isinagawa na sa Estados Unidos noong nakaraang dekada (De Joya 5). Sariwa pa sa alaala ng mga Pilipino ang digmaang Koreyano kung saan maraming mga sundalong Pilipino ang ipinadala upang makipagdigma nang kaalyado ang Estados Unidos. Sariwa din sa memorya ang rebelyong Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP/Huk), na bagaman nagsimula bilang pesanteng rebelyon kontra mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ay patuloy na sumiklab bilang digmaan ng ideyalismong komunista. Ang lahat ng ito ay nagsamsasama kaya't hindi na mabura ang mariing ugnayan ng mga kilusang magsasaka at komunismo sa psyche ng mapagmanmang populasyon at gobyerno. At ito ay nagpang-abot pati sa mga pamantasan gaya ng UP, kung saan naging sentro ng panggigipit si Pascual, na siyang may pilosopiyang hindi tugma sa pamantayan ng Katolikong Sektaryanismo ni Delaney at lalong kinadudahan ng McCarthyistikong prinsipyo ng CAFA (25).

Noong mga panahong ito'y naging mainit sa kontrobersiya ang artikulong "The Peasant War in the Philippines." Ang naturang manuskritong naisulat noong 1949 na walang may-akda ay inilimbag sa akademikong dyornal na *Philippine Social Sciences and Humanities Review,* bilang Golden Jubilee isyu noong taong 1958. Agaran itong nagpasiklab ng suspisyon at intriga sa mga awtoridad na inakusahan ang walang may-akdang papel sa pagkakaroon ng komunistang adbokasiya at pinagbantaang panganib sa Republika (6). Kung tutuusi'y tinatalakay lamang naman ng papel ang pangkalahatang historikal at politiko-ekonomikong sitwasyon ng kilusang magsasaka noong 1949. Hindi na rin bago sa ating kasaysayan ang pagkakaroon ng mga kilusan at rebelyong agraryo mula pa noong panahon ng mga enkomendero noong panahon ng Kastila, hanggang sa kasalukuyang panahon. Ngunit pinaratangang isang pagtataksil ang walang dudang isa lamang kritisismo sa sosyo-ekonomikong kaayusang pumapabor sa mga panginoong maylupa na kaalyado ng gobyernong pinapanatili ang naturang kaayusang ito. Hindi na rin mahirap na bansagan itong komunista sapagkat mainit ang nabanggit na sitwasyon ng Cold War at sariwa sa alaala ng kasaysayan ang rebelyon ng mga Huk; at ang kahit sinong bumabatikos sa katiwalian ng sitwasyong pang-ekonomiko ay hindi kalaban ng Estado, kundi kalaban ng mga mandarambong na gustong panatiliin ito.

Ang paratang na ito'y hindi pumabor sa mga patnugot na sina Tomas Fonacier, at Yabes na mismong nagtanggol sa adhikain ng naturang argumento:

> Giit ng Punong-patnugot, na si Tomas Fonacier at ang Tagapamahalang Patnugot, na si Leopoldo Yabes na layunin lamang ng naturang artikulong hindi komunista o probokador, na iwasto ang maling pag-unawa: na ang layunin ng mga kilusang magsasaka ay hindi pataubin ang pamahalaan kundi ipaglaban ang kalayaang sibil na napakahalaga sa kaligtasan ng mga tao.[12] (De Joya 6)

Ang paglilitis na nagsimula sa editorial board, kung saan kabilang si Pascual ay unti-unting tumuon kay Pascual mismo. Kapuna-puna ang paglipat ng pokus nito kay Pascual na noo'y kilala din bilang isang agnostiko. Unti-unting natuon ang paglilits sa kanyang agnostisismo.[13] Nang hindi mapatunayan sa paglilitis ang hinihinalang pag-anib umano ni Pascual sa komunismo'y pinunterya ng paglilitis ang kanyang Agnostisismo na, ayon sa mga tagapaglitis ay maaaring magdulot sa komunismo.

Bukod sa paglilitis ng CAFA, marami ring mga salik na sumawsaw sa nangyaring pagkuyog sa kontrobersiyal na propesor. Nabanggit na malakas pa ang sektaryang kilusan dito na pinangungunahan ni Delaney (na giit ni De Joya'y paglabag sa prinsipyo ng akademikong kalayaan), na sa kasamaang palad ay suportado naman ng noo'y presidente ng UP na si Vidal Tan. Dagdag rekado sa isyung ito na katunggalian din ni Pascual si Tan, hindi lamang sa Agnostisismo (sapagkat simpatetiko din siya sa mga adhikain ni Delaney); naging obheto din ng batikos ni Tan ang pagpraktika ng simbolikong lohika ni Pascual at pati na rin ang pagbatikos ng kanyang mga paraan ng pagtuturo.

Gaya ng kanyang iniidolong si Rizal na tumanggap ng maraming mga batikos at mga walang-basehang paratang, ay napilitan si Pascual na lumisan ng bansa noong taong 1967 dahil sa kanyang mga paniniwala, isang dekada pa bago pa man yumabong ang kilusan ng pilosopiya sa Pilipinas. Ang notorious na pigura sa UP noo'y hindi nasilayan ang susunod na malawakang pagyabong ng pamimilosopiya sa bansa, at hindi nabigyan ng pagkakataong masinsinang maipamahagi sa mga sirkulo ng pilosopiya sa bansa ang kanyang mga ambag sa diskusyon ng Pilosopiyang Filipino.

## Ang mga Pangunahing Diskurso ni Ricardo Pascual batay sa Labing-anim na Diskursong Pilosopiko ni Demeterio

Ating bigyang-linaw  ang mga pangunahing pilosopikong ideya ni Pascual. Mula sa talahanayan 1, makikita nating may 11 na pangunahing aklat na nailathala si Pascual. Nakalap ang mga nakalistang ito mula sa Online Public Access Catalog (OPAC) ng mga silid-aklatan ng UP, kung saan nagturo ng Pilosopiya si Pascual sa loob ng tatlumpu't apat na taon, at sa De la Salle University (DLSU). Bukod pa rito, may mga akda ring nalikom mula sa Google Scholar at Worldcat.org, na hindi matatagpuan sa dalawang nabanggit na pamantasan (kabilang dito ang kanyang disertasyon sa Pamantasan ng Chicago na *Logical Analysis of Fictionalism with Respect to the Theory of Truth,* at ang *Social and Cultural Development of the Philippines*) kaya't hindi ito isinama sa pag-aaral. Makikita sa ibabang talahanayan ang listahan ng mga aklat ni Pascual.

**Talahanayan 1.** Mga Aklat na Nailathala ni Ricardo Pascual

| Taon ng Publikasyon | Pamagat | Lugar ng Publikasyon/ Tagalimbag |
|---|---|---|
| 1935 | *Dr. Jose Rizal Beyond the Grave: A Vindication of the Martyr in Bagumbayan* | Manlapit Press, Maynila |
| 1937 | *A Brief Course in Logic* | Maynila |
| 1939 | *Logical Analysis of Fictionalism with Respect to the Theory of Truth (Disertasyon)* | University of Chicago |
| 1950 | *Present-day Philippine Economic Problems and Their Solution* | Maynila |
| 1950 | *Social and Cultural Development of the Philippines* | Institute of Pacific Relations, Maynila |
| 1952 | *Partyless Democracy: A Blueprint for Political Reconstruction of Post-War Philippines* | University of the Philippines Press, Quezon City |
| 1952 | *Fundamentals of Logic* | University of the Philippines Press, Quezon City |
| 1958 | *Bedrock of Freedom* | University of the Philippines Press, Quezon City |
| 1958 | *Foreign Policy of the Republic of the Philippines* | Philippine Institute of World Affairs, Maynila |
| 1962 | *The Philosophy of Rizal* | University of the Philippines Press, Quezon City |
| 1962 | *Rizal on Education: A Tetralogy of Dramas* | Community Publishers Inc., Maynila |

Kaiba sa aklat ni De Leon (*Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*), kung saan inorganisa niya ang bawat artikulo ng mga Tomasinong pilosopo sa bawat bulto (maging dyornal, antolohiya, *festschrift* o kompilasyon ng mismong pilosopo) na pinili niyang primaryang batis ng analisis, mahirap gawin ang kaparehong metodo sa mga akda ni Pascual. Una sa lahat, di tulad halimbawa nina Quito, Mercado, at Co na pokus ng pag-aaral ni De Leon, hindi kasing-pinag-aaralan si Pascual kaya't walang naturang antolohiya ng mga artikulo ang nabuo mula sa mga akda ni Pascual. Samantala, naging aktibo sa pilosopikal na pananaliksik si Pascual sa

panahong hindi pa malawak ang pagyabong ng pamimilosopiyang Filipino sa bansa (nabanggit halimbawa kanina na lumisan ng bansa si Pascual, isang dekada bago pa man naitatag ang Pilosophical Circle of the Philippines). At hindi tulad ng kakontemporaryo niyang si Quito, walang nailathalang *festschrift* ng mga akda si Pascual na magpapadali sana sa pagkalap ng mga artikulo nito. Kaya naman napagpasyahang tumuon ang papel na ito sa mismong mga aklat ni Pascual na nagtataglay ng mga pangunahing akda nito. Alinsunod nito, matatagpuan sa talahanayan 2 sa ibaba:

**Talahanayan 2.** Klasipikasyon ng mga Aklat ni Ricardo Pascual

| Kategorya mula sa Taksonomiya ng Pilosopiyang Filipino ayon kay F.P.A. Demeterio | Mga Pamagat ng Akda |
|---|---|
| Kritikal na analisis bilang di-akademikong paraan | (1) *Rizal on Education: A Tetralogy of Dramas* (1962) |
| Aplikasyon ng pamamaraang lohikal na analisis | (1) *Rizal Beyond the Grave* (1935)<br>(2) *A Brief Discourse on Logic* (1937)<br>(3) *Fundamentals of Logic* (1952) |
| Kritikal na analisis bilang akademikong pamamaraan | (1) *Rizal Beyond the Grave* (1935)<br>(2) *Present-day Philippine Economic Problems and their solution* (1950)<br>(3) *Bedrock of Freedom* (1958)<br>(4) *Foreign Policy of the Republic of the Philippines* (1958)<br>(5) *Partyless Democracy* (1952) |
| Pag-aaral ukol sa mga Filipinong pilosopo | (1) *The Philosophy of Rizal* (1962) |

Makikita natin mula sa talahanayan na sumaklaw sa apat na kategorya ang mga aklat ni Pascual: (1) kritikal na analisis bilang di-akademikong paraan, (2) aplikasyon ng pamamaraang lohikal na analisis, (3) kritikal na analisis bilang akademikong pamamaraan, at (4) pag-aaral ukol sa mga Filipinong pilosopo.

Ang nag-iisang aklat niya na gumagamit ng kritikal na analisis bilang di-akademikong paraan ay ang *Rizal on Education: A Tetralogy of Dramas*. Ang naturang akdang ito ay koleksiyon ng apat na maikling dula (kaya tinawag itong tetralohiya). Ang dulang ito ay umiikot sa isang pangunahing tauhan na karakter sa *El Filibusterismo*: sina Placido Penitente, Basilio at Isagani, at kalahok sa tetralohiyang ito ang iba pang mga pamilyar na karakter mula sa mga nobela ni Rizal. Ang *Rizal on Education,* gaya ng *The Philosophy of Rizal* at *Dr. Rizal Beyond the Grave* ay nakatuon sa pagsisikap

ni Pascual na ilarawan ang pilosopiya ng ating pambansang bayani, at ito ang namumukod-tangi sa lahat ng aklat ni Pascual na mas nakahanay sa pampanitikang gawain kaysa pang-akademiko.

Nagtamo naman ng tatlong aklat diskursong aplikasyon ng pamamaraang lohikal na analisis) ng tatlong sumusunod na aklat: ang *Rizal Beyond the Grave,A Brief Course in Logic,* at *Fundamentals of Logic*. Hayag naman dito ang paggamit ng lohikal na analisis sa pamimilosopiya. Kitang-kita ito sa dalawa niyang teksbuk patungkol sa lohika, partikular sa *simbolikong lohika* na bunga ng kanyang aplikasyon ng lohikal na positibismo, at lalo sa impluwensiya ng kanyang mentor na si Bertrand Russel. Samantala, inilagay ko rin dito ang una niyang aklat na *Rizal Beyond the Grave,* na nagpapakita na bago pa man siya nagtapos sa kanyang Doktorado sa Pamantasan ng Chicago, sa pagtuturo (*tutelage*) ni Bertrand Russel, ay hayag na ang lohikal na pamamaraan ni Pascual ng pag-analisa sa isyu ng *retraksiyon* ng Pambansang bayani na sumiklab noong 1935. Katunayan nga, masasabi nating ang *Rizal Beyond the Grave* ay nagbibigay ng mga unang bakas ng magiging pilosopikong proyekto ni Pascual. Nakikilala si Pascual sa kanyang lohikal na analisis[14] at sa kanyang malaking paghanga sa Rasyonalismo ni Rizal. Una nating nakita ang mga bakas ng kanyang pag-aanalisang ito sa *Rizal Beyond the Grave*. Sa kanyang paunang salita sa aklat, iginigiit niya na ang libro ay isang matindi at lohikal na pagsisiyasat ng mga lahat ng ebidensiya ukol sa retraksiyon ni Rizal. "Ating isagawa ang pag-aaral bilang isang malamig, lohikal at siyentipikong imbestigasyon na nagpipigil ng hatol bago ang katotohanan—hindi opinyon— ay malikom, maklasipika sa abot ng ating makakaya"[15] (Pascual, *Rizal Beyond the Grave* 5). Ang analisis na isinagawa sa aklat mismo'y nasa anyong *forensic investigation* na may maselang pagsusuri sa mga ebidensiya. Katunayan, nagsisimula si Pascual sa mga kongkretong ebidensiya gaya ng pagkukumpara ng sa sulat-kamay ni Rizal sa mismong dokumento, at sa mga naunang isinulat ni Rizal sa mga liham sa mga kasamahan. Sa mala-siyentipikong paraan, ginalugad niya ang mga tendensiya ng sulat-kamay ni Rizal at ang mga pagkakaiba (*inconsistencies*) sa naturang retraksiyon. At inuna niya ito bago pa man siya tumuon sa historikal na ebidensiya (sa mga panayam kay Trinidad Rizal, liham at usapan kina Padre Pastells at Balaguer, atbp upang lohikal na maitatag ang mga inkonsistensi sa retraksiyon ni Rizal. Lalo pa nitong iginiit sa pagsiyasat sa Pilosopikal na pananaw at Sikolohikal na disposisyon ni Rizal na siyang nagbigay tibay sa kanyang depensa laban sa retraksiyon nito. Dito pa lamang ay hayag na ang mga bakas ng paghanga ni Pascual kay Rizal, at ang habit niya ng paggamit ng lohikal at siyentipikong analisis (kahit pa man nagsisimula pa lamang siya sa lohikal na positibismo sa mga panahong ito) upang magtamo ng rasyunal na kongklusyon. Lalo nating makikita ang kanyang paghanga kay Rizal na kinilala niya bilang isang pilosper din na maituturing, sa mga mas nahuli niyang libro gaya ng *Rizal on Education* at *The Philosophy of Rizal*.

Ang malaking bulto ng mga aklat ni Pascual ay napunta sa diskursong kritikal na analisis bilang akademikong pamamaraan: Ang *Rizal Beyond the Grave, Present-day Philippine Economic Problems and their Solution, Bedrock of Freedom, Foreign Policy of the Republic of the Philippines* at ang *Partyless Democracy.* Sa totoo lang, maliban sa *Rizal Beyond the Grave,* ang mga aklat na ito'y maaari mo ring ikategorya bilang bahagi ng agham politikal. Malaki ang interes ni Pascual sa mga isyung pampolitika at lipunan, at layunin niya katunayan sa mga aklat na iyon ang pagbibigay ng mga panukala tungkol sa mga mahahalagang isyu. Halimbawa nito ang kanyang *Partyless Democracy,* na hinango niya mula kay dating Pangulong Manuel Quezon. Mariin ang kritisismo ni Pascual sa mabalintunang pananaw na kailangan ng pagkakaroon ng politikal na partido sa isang Demokrasya. Aniya:

> Hayag na mali ang pananaw na kung saan may mga partido politikal ay mayroong demokrasya. Mula dito'y nagkakaroon ng maling paniniwala na tila walang demokrasya kapag walang partido politikal. Pinapatunayan ng mga historikal na katotohanan sa una nating obserbasyon ang koneksiyong ito. Muli, tunay man na kung saan may demokrasya'y may partido politikal. Mula dito'y *hindi ibig sabihin na* kung walang partido politikal ay walang demokrasya.[16] (Pascual, *Partyless Democracy* 32)

Tinutugunan ni Pascual dito ang mga sosyo-politikal na isyung bumababag sa politika ng Pilipinas, gaya ng kurapsiyon, pamumulitika (*politicking*, hindi *politics*) at partisanship ng mga politiko, na giit ni Pascual, ay humahadlang pa sa isang ganap na demokrasya. Alinsunod dito, ipinanukala niya ang *Partyless Democracy* hindi lamang bilang solusyon, kundi isang kailangang tahakin sa Political Dialectics ng ating kasaysayan (101). Gaya ng sa *Partyless Democracy,* tinutugunan ni Pascual ang iba't ibang sosyo-politikal at ekonomikong isyu ng lipunan, lalo na sa mga problemang ekonomiko sa *Philippine Economic Problems and Their Solution* at isyung geo-politikal gaya ng sa *Foreign Policy of the Republic of the Philippines*. Ginagampanan ni Pascual ang tungkuling doktor na nagpapayo ng lunas at solusyon upang tugunan ang mga problemang kinahaharap ng bansa.

Ang marahil ang pinakakilalang akda ni Pascual ay ang *The Philosophy of Rizal* na pasok sa diskursong pag-aaral ukol sa mga Filipinong pilosopo. Nasa librong ito ang buong kaganapan ng paghanga ni Pascual kay Dr. Rizal na binansagan ni Pascual na isang pilosopo. Ang buong libro ay pagbibigay linaw sa mga pangunahing pilosopikal na konsepto ni Rizal. Isa si Pascual (gaya ni Gripaldo) sa iilan lamang na tinuturing si Rizal na isang pilosopo. Sinikap ni Pascual dito na bigyang linaw ang pilosopikal na elemento ng mga sulatin ni Rizal (mula sa mga nobela, liham, sanaysay at artikulo). Kasama rin dito ang hermenyutikong pagsusuri sa buhay, sikolohiya, at kaligiran ni Rizal na nag-impluwensiya rito upang isulat ang mga

akda nito. Pokus ng diskusyon ni Pascual kay Rizal ang kritisismo ng bayani sa mga epekto ng kolonisasyon na dumagok/sinira ang psyche at kultura ng mga Pilipino na nagdulot ng malalalim na pinsala sa sosyo-politikal na kalagayan ng bansa, na patuloy na umiiral sa kasalukuyan. Bukod dito'y giit din ni Pascual, higit pa sa natatanaw ng karamihan, ang rasyonalismo ni Rizal.

> Ang pagsamba ni Rizal sa katuwiran ay hindi pawang salita lamang, hindi simbolismong ritwal, hindi magarbong pagpapakita ng kapangyarihan at pinagsisigawang panalangin' ang pagsamba ni Rizal, ang kanyang mga sakripisyo, mga alay, mga panalangin, mga obligasyon at ang pagtatagpo ng lahat ng ito sa isang 'sandali ng katotohanan' [moment of truth], ang kanyang kamatayan. May mas enggrande pa bang anyo ng pagsamba sa katuwiran kaysa rito?[17] (Pascual, *The Philosophy of Rizal* 317)

## Ang Pilosopikal na Layunin ni Pascual: Pagtalakay sa mga Panlipunang Isyu ng Bansa

Sa bahaging ito, nais kong ilarawan sa isang pangkalahatang tema ang pamimilosopiya ni Pascual. Layon ko dito'y hindi maitatag sa iisang kategorisasyon lamang ang pamimilosopiya ni Pascual, sapagkat may variety sa kanyang mga sinusulat. Ngunit nais kong bigyan ng pangkalahatang paglalarawan sa kung saang direksiyon kadalasan humahantong ang mga pilosopikal na analisis ni Pascual. Kadalasan kapag nababanggit si Ricardo Pascual, dalawang aspekto ng pagiging pilosopo niya ang nabigyang-diin: ang kanyang pagiging *logical positivist,* at ang pagtangkilik niya kay Jose Rizal bilang isang mahalagang pilosopo. Malawak din ang literatura at pahayagang nagbabansag kay Pascual bilang isang *logical positivist*,[18] ngunit bagaman isang honoraryong titulo itong nakakabit na sa ngalan ni Pascual, ay hindi nito binibigyang hustisya ang pangkalahatang paninindigan at pamimilosopiya ng propesor. Gayon din naman ang pag-iidolo niya sa ating pambansang bayani.

Ngunit bukod sa dalawang aspektong ito ng pamimilosopiya ni Pascual, higit pa na mahalaga ang pangunahing layon nitong talakayin ang mga panlipunang isyu sa bansa (na nakasaad sa section heading ng bahaging ito). Pangunahing pokus ng analisis nito ang dalawang pinakamahalagang aklat niyang *The Philosophy of Rizal* at *Partyless Democracy,* at iba pang mga akda ni Pascual.

Ang pinakamalaking bulto ng pilosopiya ni Pascual ay nakalaan sa paglalarawan ng mga mahahalagang pilosopikong punto na hinalaw niya mula sa ekstensibong sanggunian ng lahat ng mga sinulat ni Rizal; ilan sa mga tanyag na akda ang dalawang nobela nito: ang *Noli me Tangere* at *El Filibusterismo,* mga mahahalagang

sanaysay gaya ng “The Indolence of the Filipinos,” “Philippines a Century Hence,” “To the Young Women of Malolos,” at iba pang sanaysay, at pati na rin ang mga liham sa mga kasamahan at kapamilya, mga artikulo mula sa pahayagan (partikular ang *La Solidaridad* at *El Renacimiento*), ang mga Anotasyon niya sa *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga.

Ang primerang punto ng pagtangkilik ni Pascual kay Rizal ay mula sa paghirang ng nauna sa Rasyonalismo ng Bayani. Katunaya’y labis ang paghirang ni Pascual sa Rasyonalismo ni Rizal na para kay Pascual, ginagawa niya itong pundasyon o haligi ng pamimilosopiya ni Rizal na walang dudang hindi nagbago hanggang sa pagbaril dito. Matatanaw natin itong uri ng argumentasyon halimbawa sa *Rizal Beyond the Grave* (1935), kung saan ipinagtatanggol ni Pascual ang mga paninindigan ni Rizal, na sumasalungat sa buong karakter ng bayani ang diumano’y retraksiyong lumabas noong 1935, sa ngalan niya. Ang naturang aklat, na una nitong inilathala ay isang maselan, at porensikong analisis sa isyu ng retraksiyon ni Rizal, na kinilatis ni Pascual sa pamamagitan ng lohikal na analisis, paghahambing ng iba’t ibang ebidensiya (mula sa mga saksi, sulat, at pakikipag-usap sa kanyang kapatid na si Trinidad, at mga paring si Padre Pastells at Balaguer, hanggang sa pagsusuri sa iba’t ibang mga tala at paghahambing ng mga pangyayari bago barilin si Rizal, sa mga paninindigan ni Rizal sa kanyang paniniwalang pilosopikal at sikolohikal).

Hayag ang rasyonal na paninindigang sinipi ni Pascual mula sa testimonya ni Padre Pio Pi sa pagtatanggol ni Rizal sa pagsali nito sa Mason (*Rizal Beyond the Grave* 107). Kasama sa argumentasyon ni Pascual ang mariing paggiit na bilang isang “*subtle logician*”, na sapat nang rason upang matanaw ni Rizal ang sirkular na argumentasyon ni Padre Viza ukol sa heneralisasyong ang lahat ng Mason ay masama.

> Ngunit giit ni Padre Viza na ang Mason ay isang masamang gawain sapagkat kinokondena ito ng Simbahan. Ngunit hindi ba natin hahayaang si Rizal, isang matalas ang isip at isa ring bihasang lohiko, na siya’y, makikita rin natin, mismong makakapuna sa pagpapaikot-ikot ng argumento ng Padre?[19] (*Rizal Beyond the Grave* 107)

Giit din ni Pascual mula sa siping liham ni Rizal kay Padre Pastells na “ang indibidwal na pagpasya at katuwiran ay lampara na handog ng Diyos para sa kanyang mga anak, at ang pagtakwil dito ay isang pagkakasala sa Diyos sapagkat hinamak ang pinakamahalaga niyang handog”[20] (107).

Makikita rin natin ang parehong pagsusuri sa rasyonalismo ni Rizal sa “Religion of Rizal” kung saan, mula rin sa mga liham ni Rizal kay Padre Pastells ay iginiit niyang

rasyonalismo ang pinakapinaninindigan ni Rizal. "Sinabi ni Rizal: 'Hindi, naniniwala ako sa sarili kong indibidwal na pagpapasya sa sarili kong indibidwal na katuwiran." Ani Pascual ay dito naging rasyonalista si Rizal. Ginigiit muli ni Pascual ang pagpapahalaga ni Rizal sa indibidwal na rason bilang pamana ng Dios. Partikular sa artikulong ito lamang, naging punto ng argumentasyon ang rasyonalismo laban sa retraksiyon ni Rizal, na para kay Pascual ay salungat sa mga paninindigan ni Rizal sa mahabang panahon. Mas mabigat itong ebidensiya laban sa dokumento: "Kung ang mga kaisipang ito'y kasama sa mga diumano'y binawi [retracted] ni Rizal, kung ginawa nga niya'y tiyak na ang mga intelektuwal na tagumpay niya'y mawawalan ng bigat bago ang ang hinihinalang retraksiyon"[21] (Pascual 21). Ngunit ang pinakatanyag na akda ni Pascual ukol sa pilosopiya ni Rizal ay matatagpuan sa *The Philosophy of Rizal* (1962) kung saan tinalakay ni Pascual ang historikal na kaligiran ni Rizal na humulma sa rasyonalidad nito, at ang pagtalakay sa iba't ibang aspekto ng kanyang pilosopiya partikular ang: *Social Philosophy, Political Philosophy, Philosophy of Education, Philosophy of Religion* at *Ethics*. Kinukuha ni Pascual ang malaking bulto ng pilosopiya ni Rizal mula sa dalawang nobela mahahalagang sanaysay ni Rizal.

Mahalagang ipunto na ang pagtalakay ni Pascual sa pilosopiya ni Rizal ay hindi mistulang eksposisyon lamang kundi ekstensiyon ng kanyang mas mahalagang Pilosopikal na layunin ng pagbibigay-lunas sa mga panlipunang suliranin ng bansa na nabanggit kanina. Gamit muli ang argumentasyong nakatuon sa rasyonalismo na binigyang-diin sa iba niyang mga akda, makikita naman ang pagpapahalaga ni Pascual sa rasyonalismo bilang obheto ng kanyang analisis sa sosyo-politikal na pilosopiya ni Rizal. Punto ito halimbawa sa kritisismo ni Pascual sa kolonisasyon sa mga Pilipinong nagdulot ng pinsala sa pagtanaw ng mga Pilipino sa mundo. Ang tao ay magiging perpekto lamang batay sa mga pangkaligirang kondisyong kinabibilangan nito, at kung ang kaligiran ng isang tao ay nagdudulot ng hapis at pang-aabuso, nagtatamo ito ng pinsala sa sikolohiya't paninindigan ng tao.

> Ang tao ay perpekto ngunit sa loob lamang ng mga kundisyon nito at hindi perpekto *per se,* ang huli'y mistulang abstraksiyong walang saysay . . . Ang kaligiran ng tao'y hindi dapat isantabi sapagkat ipinapaliwanag nito ang malaking bahagi ng pag-uugali at kakahayan ng tao. Na ang tao, sa kabila ng mga kundisyon nito'y hindi maipagkakait ng kanyang mga komponent nang hindi ito nalulumbay, ay isang katotohanan, sapagkat ang pagkaperpekto ng tao ay kaugnay sa kanyang mga kundisyon.[22] (*The Philosophy of Rizal* 148)

Pinunto rin ni Pascual ang mga esensiyal at kailangan sa lipunan gaya ng paglilingkod nito sa indibidwal na kabutihan ng tao na bagkus hindi makakamit sa ilalim ng kolonisasyon at imperyalismo:

> Ang naturang relasyon ay hindi maaaring magdulot sa lipunan ng mga indibidwal kung ang naturang lipunang ito'y maging biktima ng imperyalismo. Hindi lamang ito magiging isang biktimang lipunang pinagpakahirap na hindi na nito kayang ipaglaban ang kaligtasan ng mga mamamayan nito, ito'y pinag-iinitan din ng opresibong imposisyon ng mga imperyalista.[23] (180)

Mabigat ang paghahanay ni Pascual kay Rizal sa kolonyal na kaligiran nito at sa paghihimay-himay ng mga akda nito, na pundasyon ng pamimilosopiya ni Rizal, ngunit maaari ring naging instrumento si Rizal ng pagkahinog ng pamimilosopiya ni Pascual. Sa pagsusuri ni Ramon Guillermo, isang teorista't propesor ng International Studies sa UP, sa artikulo niyang pinamagatang "Moral Forces, Philosophy of History, and War in Jose Rizal" kung saan ninais niyang punahin ang mga metodolohiya ng mga nakaraang nagsaliksik kay Rizal, ibinungad niya ang mga pag-aaral ni Pascual kay Jose Rizal. Sa artikulo, iginiit nitong ang pagsasalarawan ni Pascual ng pilosopiya ni Rizal ay isang kultural na interpretasyon ng kasaysayan (6). Aniya'y mabigat ang tungkulin ng mga puwersang panlipunan (social forces) sa pamamagitan ng pagtanaw sa mga kultural na institusyon at kilusang panlipunan. Alinsunod din sa pagbansag ni Guillermo kay Pascual bilang isang *logical positivist,* na ang rasyonalismo ni Rizal ay nag-udyok dito na punahin at ikritika ang rebolusyon ng mga Pilipino. Kritisismo rin ni Guillermo kay Pascual ang mga sumusunod: "halatang halata … na ang pagtatangka ni Pascual na paunlarin ang 'pilosopiya ng kasaysayan' mula sa mga nobela ni Rizal ay dumadanas din ng napakapamilyar na tendensiyang pagtatangkang gawin si Rizal na tagapagsimula o hindi matataob na awtoridad para sa sariling intelektuwal na posisyon"[24] na tila masyadong hinihirang ni Pascual si Rizal bilang rasyonalista, hindi sapagkat bunga ng panahon ng pagkamulat si Rizal, kundi sapagkat si Pascual ang bunga nito (Guillermo 7).

Mula rin sa aklat, tila binibigyang-diin din ni Pascual ang rebolusyon bilang tunggalian ng *mulat* na ilustrado kontra sa awtoritaryang mga prayle. Ang rasyonalismo ni Rizal ayon kay Pascual, o dili kaya'y kay Pascual mismo ay nagbigay ng tinta sa lente ng pagtanaw sa pangkalahatang sitwasyon ng rebolusyon. Marami nang kontra-diskurso ang lumitaw na inaangat ang tungkuling ginampanan ng mga masa, gaya nang sa *Pasyon at Rebolusyon* ni Reynaldo Ileto, ngunit interesanteng ipunto sa analisis ni Pascual ang tungkuling imulat ang masa:

> Sa kabila ng, kung hindi dahil sa, kawalang-interes na ito sa relihiyon at ang kaakibat na kawalang-interes ng mga masa bilang bunga ng nauna, ang diwa ng pag-unlad ay hindi mapapawi. Sa ngayon, nakita ng mga prayle na ang mga progresibong elemento ng mga tao ay nagsisimulang magpakita ng mga senyales na nagbabanta sa kanilang pag-iral. Ang lumang pananampalataya'y nagsisimula nang gumuho; ang mga anyo at dogma nito'y maiging sinisiyasat, ikinukumpara sa iba, at bagkus pinagdududahan. Ngunit simula pa lamang ito. Ang malaking mayorya ng mga *masang hindi nag-iisip* [unthinking masses] ay hindi malay sa pag-unlad na ito kahit pa man may isinagawang pagkilos kalaunan, sapagkat ang isyu na ito'y ikinubli sa kawalang-paki na tila kamangmangan na rin.[25] (*The Philosophy of Rizal* 39)

Hindi ito pagmamaliit sa masa, ngunit mahalagang punto sa pamimilosopiya ni Pascual ang halaga ng edukasyon at pagmulat sa mga masa; na naging hayag din sa kanyang konsepto ng demokrasya. Alinsunod din dito'y mahalaga rin ang punto ni Pascual ukol sa pilosopiya ng Edukasyon ni Rizal, na bukod sa *The Philosophy of Rizal* ay inilarawan rin ni Pascual sa *Rizal on Education: A Tetralogy of Dramas,* sa paraan ng mga dula, kung saan pangunahing tauhan ang mga tauhan sa nobela ni Rizal. Punto ng pagbigay-diin ni Pascual sa pilosopiya ng Edukasyon ni Rizal ang tungkulin ng edukasyon sa pagmumulat sa masa. Giit ni Pascual ang maling perspektibo tungkol sa tungkulin ng edukasyon na mistulang makakuha lamang ng diploma upang makapagtrabaho, isang paniniwala na popular sa maraming Pilipino, na naging punto rin ng kritisismo ni Renato Constantino.[26] Sa parehong sentimyento, giit naman ni Pascual na:

> Layunin ng edukasyon na paunlarin ang mentalidad ng mga tao. Nakadepende ito sa mentalidad ng mga tao sa pamamagitan ng pagpapaganda ng kundisyon ng bansa. Samantala, marami ang may lisyang na konsepto ng edukasyon. Ang tingin nila'y ang edukasyo'y may layuning gawing propesyonal na tao ang bawat mamamayan. Marami ang may lisyang na pananaw na ang edukasyon ay mistulang pagtanggap lamang ng magagandang diploma. . . . Marami ang tumitingin sa institusyong pang-edukasyon bilang mga pagawaan ng diploma. Ngunit ang tunay na layunin ng edukasyon ay hindi bilang kundi kalidad.[27] (257)

Ihinahambing niya rin sa kanyang malikhaing sulatin ang lisyang pananaw ng edukasyon sa katauhan ni Padre Damaso, na kilala sa popular na pag-unawa ng mga mamamayang Pilipino bilang prayleng Kastilang ipinapataw sa mentalidad ng mga mamamayan ang paurong na pag-iisip, kung saan sa dula ni Pascual ay tinatawag ni Damaso ang mapagpalayang edukasyon bilang gawaing *filibustero*

(*Rizal on Education* 17). Bilang kontrast, tumutuon naman si Pascual sa karakter ni Isagani bilang nagtataglay ng anyong mapagpalayang edukasyon. Sipi niya mula sa *El Filibusterismo*:

> At kung tutuusin, kahit gawin mong agrikultural na bansa, bansa ng mga mangagawa ang bansang ito, at kinokondena mo ang intelektuwal na gawain, hindi ko nakikita ang kamalian sa pagpapaaral sa mga agrikulturista at manggagawa, sa pagbibigay sa kanila ng edukasyong bibigyan sila ng kakayahang paperpektuhin ang sarili nila sa kanilang gawa.[28] (*El Filibusterismo* 122, sipi ni Pascual sa *The Philosophy of Rizal* 256)

Kinupkop ni Pascual ang pananaw na ito patungkol sa edukasyon. Tunay na nangunguna si Rizal sa mga kakontemporaryo niyang mga Pilipino sa ganitong pananaw, ngunit ang katagang mapagpalayang edukasyon ay bunga na rin ng Humanismong umiral sa Europa, na hindi dumaloy sa bansang ito.

Hayag ang paghahanay ng mapagpalayang edukasyong adhikain ni Pascual maging sa mga kakontemporaryong teorista. Sa ideyang ito, sumasagi sa kamalayan si Renato Constantino na sa parehong dekada'y sumulat naman ng kritisismo sa kolonyal na edukasyon sa sanaysay na "The Miseducation of the Filipino" (1966). Dito'y nabibigyang-mulat niya ang halaga ng mapagpalayang edukasyon sa kanyang analisis at kritisismo sa kolonyal na edukasyong minana ng mga Pilipino sa kolonyalismong Amerikano at patuloy na umiiral sa kasalukuyan. Tulad din ng kay Pascual, naniniwala si Renato Constantino na ang tungkulin ng edukasyon ay para sa layunin ng bansa (15). Ang isa pang pilosopong Pilipinong may nahahawig na pananaw ay si Quito na naniniwalang ang edukasyon ay isang sandata sa pambansang adhikain. Ayon kay Liwanag (121), kinikritika ni Quito ang kasalukuyang realidad ng edukasyon na nagpapayabong ng kolonyal na pananaw; sentimiyentong pananaw din ni Constantino. Para kay Quito, giit ni Liwanag (121) na ang nasyonalistang edukasyon ay dapat mas kontekstuwalisado at hindi unibersalisado. Ibig sabihi'y mas naangkop sa mga pangangailangan ng bansa, napapanahon at etikal. Ang nasyonalistang pilosopiya ng edukasyon para kay Quito ay sinisigurong alam ng mga Pilipino ang kanilang kultura at kasaysayan at itinatanim sa isipan at puso ang pagmamalaki bilang Pilipino. Samantala, ang pilosopiya ng edukasyon ni Quito'y nakatuon sa pagtanggal ng kolonyal na kamalayan sa mga Pilipino. Mas nagbigay ng empasis si Quito sa paghubog ng kamalayan ng mga Pilipino na may layong mas maging malay sila sa sariling kultura at kasaysayan (Liwanag 122). Bagaman hindi salungat ang pananaw ni Pascual sa edukasyon, mas nakatuon ito sa tungkulin ng indibidwal sa lipunan.

> Layunin ng edukasyon na paunlarin ang kamalayan ng indibidwal at ang kamalayan na siya ay bahagi ng isang malaking buo. . . . Ang kamalayan na siya'y bahagi ng mas malaking pangkat ay nagbibigay-malay sa kanya sa kanyang obligasyon sa organikong buo. Ang edukasyon niya'y nagtuturo sa kanya na, bilang isang indibidwal, ang kanyang tungkulin ay sa lipunan.[29] (*The Philosophy of Rizal* 255)

Kasama sa tungkulin ng mga mamamayan ang pagmumulat sa mga guro na magbigay rin ng mapagpalayang edukasyon sa mga estudyante at maipamulat sila sa kanilang tungkulin sa lipunan. Bagay ito na konsistent kapag tumuon din tayo sa kanyang pananaw sa demokrasya sa *Partyless Democracy* kung saan tungkulin ng isang ganap at tunay na demokratikong lipunan ang maiangat ang kamalayan ng masang botante.

Alinsunod sa adhikain ni Rizal na tumayong doktor na nagbibigay diagnosis at lunas, pinanindigan din ito ni Pascual sa iba niyang sulatin. Nais kong bigyang-diin ang isa sa pinakaimportante niyang akda na pinamagatang *Partyless Democracy* na hango sa orihinal na ideya ng dating pangulong Manuel Quezon. Bunga ng popular na paniniwalang esensiyal sa isang Demokrasya ang pagkakaroon ng isang partido politikal, nilayon ni Pascual na lohikal na buwagin ang lisyang na paniniwalang ito. Naninindigan si Pascual na ang isang tunay na demokrasya ay nagbibigay-halaga sa kaligtasan/kasaganahan (welfare) ng tao, ayon sa popular na kataga ni Abraham Lincoln na "gobyerno ng mga tao, gawa ng mga tao, para sa mga tao", ngunit hinihikayat dito hindi ang pasibong pagkiling ng masa sa iba't ibang partido, kundi ang aktibong partisipasyon ng karaniwang tao sa pamamalakad ng bansa.

> Ang Demokrasya, malayo sa pagiging kalagayan ng estado, kasabay ng *pasibong pagtanggap* [passive consent] ay dapat isang *aktibong partisipasyon* ng mga tao. Ang Demokrasya'y *pamamahala ng* mga tao mismo, hindi ng ibang tao, *para* sa tao mismo, hindi para sa iba, at *sa pamamagitan ng* tao mismo, at hindi ng iba.[30] (*Partyless Democracy* 5)

Giit pa ni Pascual, na hindi nakakamit ang tunay na demokrasya sa loob ng isang sistemang partido politikal at bagkus nagtutunggali pa ang interes ng partido sa interes ng tao, at lalo pa nitong hinahadlangan ang aktibong partisipasyon ng masa.

Esensiyal rin sa isang *partyless democracy* ang edukasyon ng masa, na kanila ring tungkulin bilang mga aktibong kalahok sa demokrasya.

> Ang responsibilidad na kailangan sa demokrasya sa pangkalahatan ay higit pa sa kuwalipikasyong kailangan sa mga botante. Ang responsibilidad na kailangan upang magtagumpay ang demokrasya'y

> nangangahulugan hindi lamang ng kakayahang magbasa at sumulat kundi pati maunawaan ang mga prinsipyong nagbubukod sa demokrasya sa kahit anong pampolitika.[31] (*Partyess Democracy* 10)

Sa ganitong pananaw, hindi lamang tungkulin ng lipunan na imulat ang kamalayan ng masang botante, kundi kailangang ipasa rin sa lahat ng indibidwal na mamamayan ang responsibilidad ng aktibong partisipasyon sa pamamalakad sa lipunan at pamahalaan; at hindi ang pasibong pagtanggap lamang ng mga mamamayan sa mga nangyayari at ikinikilos ng mga nasa itaas.

Inaargumento rin ni Pascual na ang pagkakaroon natin ng partido politikal ay bunga ng kaligirang hindi-demokratiko, sa anyo ng kolonisasyong Amerikano, na nagdikta ng pang-Amerikanong interes sa kung sinong mga kuponan ng politiko ang bubuo ng kanilang partido politikal (20). Giit din na ang kasalukuyang sistemang partido ay winasak ang orihinal na demokratikong adhikain ng *pamamahala ng mga tao* at tila inuuna ang mga adhikain ng partido politikal. Mula rin sa kasaysayan, ang mga ganitong anyo ng demokrasya ay kumunsinti sa pag-angat at kalauna'y paghahari ng mga diktadura gaya ng nangyari sa Alemanya at Italya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (49).

Sa isang tunay na Demokrasyang walang Partido, nagbibigay ng mga mala-Utopianong perspektiba si Pascual. Sa argumento niya, lumalabas na bunga ng diyalektikal na daloy ng sistemang politikal sa kasaysayan mula sa tunggaliang *state of nature*-eokrasya, monarkiya-aristokrasya, republikanismo-sistemang partido, ang natural na daloy ng politikal na dialektiks ay tutungo talaga sa demokrasyang walang partido. Hinahamon din ni Pascual dito ang ideya ng "pangkalahatang boto" (*majority vote*) kontra sa "kalooban ng mga tao" (*will of the people*) sapagkat hindi identikal ang dalawa, at sa isang sistemang partido'y ang boto ng mayorya ay kadalasa'y naiimpluwensiyahan ng mga makakapangyarihan at kilalang tao sa partido.

Masugid ding sinuri ang sitwasyon sa maykro at sa makro na saklaw sa loob ng sistemang may partido. Iminungkahi niyang sarili niyang mga frustration sa demokrasyang may partido sapagkat nagiging sistema ito kung saan yumayabong ang kumpetisyon sa halip na kooperasyon sa mga mamamayan.

> Ang sistemang may partido, na siyang nakabase sa kompetitibong politika—at kompetitibo hindi sa intelektwal na paraan kundi sa pwersa ng bilang i.e., sa "might makes right"—ay nag-uudyok sa bawat botante na na makipagtunggali sa kapwa. Ang bunga ng tunggaliang ito'y pagsasanib-pwersa, politikal na trentsera at mga panlipunang pangkat na katunggali ang isa't isa.[32] (*Partyless Democracy* 54)

Pinupuna rin ni Pascual ang kakulangan sa mataas na kaledad na pamantayan ng mga botante na ang minimum na pangangailangan lamang ay ang makabasa at makapagsulat. Kung maging pangangailangan lamang para sa botante ang maging kritikal, at suriing mabuti ang mga partido at kandidato, mapapasawalambisa pa ani Pascual ang pangangailangan ng partido politikal (54).

Nilayon niyang maghain ng sistematikong iskema ng demokrasyang walang partido. Ang kasalukuyang sistemang may partido ang nagiging ugat ng tunggalian/ kompetisyon, at alyenasyon ng mga masang hindi malay o hindi binibigyan ng wastong kaalaman upang aktibong makisalo sa mga usaping politikal. Naghahain din siya ng mga solusyon sa pagtugon sa pangangailangan ng bansa kung sakaling magtransisyon ang pamahalaan sa demokrasyang walang partido, kung saan sinaklaw niya ang lehislatura, eleksiyon, polisiyang pang-edukasyon at mga ekonomikong interes ng bansa. Ihinahambing din ni De Joya ang pagtatangkang rebisyon ng demokrasya ni Pascual sa mga Asyanong pigurang nagkonseptuwalisa rin ng "bagong konsepto ng demokrasya" mula sa kritisismo sa Kanluraning demokrasya (De Joya 116). Ilan sa mga ito'y ang "desentralisadong demokrasya" ni Shriman Agarwal, ang dating gobernador ng Gujarat sa India, at matapat na tagasuporta ni Gandhi, at ang "Guided Democracy" ni Sukarno, ang unang pangulo ng Indonesia. Hayag ang mga pinanghuhugutang karanasan ng mga pigurang ito na silang naging mga tagapagtaguyod ng nasyonalismo ng kani-kanilang bansa sa postkolonyal na panahon.

## Kongklusyon: Mahahalagang Puntos mula sa Kaisipan ni Pascual

Nabanggit sa simulang bahagi na layunin ng papel na malagom at o matukoy ang mga mahahalagang puntos mula sa kaisipan ni Pascual. Nangangailangan ng muling pagbuklat ng mga pagsusuring ihinain ni Pascual. Labas sa kanyang paghirang kay Rizal bilang rasyonalista, ang mas malawak na pilosopikal na layunin ni Pascual ay sistematiko at lohikal na pagtugon sa iba't ibang mga isyung politikal. Mula rito'y maaari nating hindi lamang mapagtanto ang mga ambag ni Pascual sa pilosopiyang Pilipino, kundi maaari ring pagkunan ito ng mga karagdagan pang pag-aaral at o pilosopikal na tahakin. Kaya naman sa bahaging ito, iniisa-isa natin ang mga mahahalagang punto.

Una, hayag ang lohikal na analisis ni Pascual sa pagtalakay ng mga napapanahong isyu at suliranin. Naipamalas niya ito halimbawa sa pagsusuri niya sa paninindigan ni Rizal kontra sa dokumento ng kanyang retraksiyon. Nakilala si Pascual sa bilang tagapagtaguyod ng *logical positivism* bilang makabagong paraan ng lohikal na argumentasyon, na ipinasa niya sa kanyang mga estudyante sa UP. Marami ang kritiko sa anyo ng eskuwelang pangkaisipang ito partikular sa matinding pokus nito sa siyentipikong metodolohiya ng pagkuha ng datos, kahit sa larangan ng

Pilosopiya, at sa isang konserbatibong kaligira'y hindi ito pumasa sa mga nasa kapangyarihan noong dekada sisenta. Pinakagamit ito ni Pascual ang ganitong pamamaraan ng analisis, kasabay ng *kritikal na analisis,* sa pagsusuri ng mga kontemporaryong suliranin, na katunaya'y ang mas importanteng aral sa puntong ito. Maaaring mapulot ng mga mag-aaral ang ganitong anyo ng pamimilosopiyang may layong talakayin ang mga mahahalagang suliraning panlipunan. Hindi nag-abala si Pascual sa pagtatanong kung ano ang pilosopiyang Pilipino. Ang pangamba ko'y ang hindi pag-usad ng mga pilosopong Pilipino sa kuwestiyon ng pilosopiyang Pilipino. Sa pag-usad ng panahon at sa pagbabago ng mundo'y bahagi ng tahaking pilosopikal ang pagnilayan ang mga nangyayaring pagbabagong ito: *Bakit walang nagbabago sa sosyo-ekonomikong estado ng bansa kahit pa man higit pa sa isandaang taon ang nagdaan pagkatapos ng panahon ni Rizal? Sinentensiyahan na ba tayong mahulog sa patuloy na paurong na estado? Ang partyless democracy ba na ipinanukala ni Pascual ay magdudulot ng kongkretong pagbabago?* Ang mga katanungang ito ay bahagi ng pangkalahatang diwang Pilipino.

Ang ikalawa'y, kaugnay lamang rin ng nauna, ay pumapatungkol sa pagtangkilik at paghalaw ni Pascual sa mga aral na ibinigay ni Rizal. Ang kanyang pagtalakay sa pilosopiya ni Rizal ay hindi lamang mistulang eksposisyon, ngunit kung titignan natin ito sa lenteng ito'y mayaman pa rin ang ambag ni Pascual sa masistemang paglalarawan sa mga adhikain, at paninindigan ng ating pambansang bayani. Ngunit sa kabila ng pagtingin sa sulatin ng ating pambansang bayani bilang batis ng Pilosopikong pagdadalumat, mas sumasandal si Pascual sa layuning makapagpayo ng lunas sa panlipunang suliranin, gaya ng kay Rizal (kaya ko nasabi na magkaugnay ang unang punto sa ikalawa). Ang pagtatalakay niya sa pilosopiya ni Rizal ay hindi lang pagsusumatotal ng lahat ng sinulat ni Rizal, kundi isang kritikal na analisis sa ating kolonyal na kinalalagyan. Ang mga istrakturang opresibong kumikitil sa akademikong kalayaan at malayang pag-iisip na kinikritika ni Rizal at ni Pascual din, ay hindi naiiba sa mga opresibong istrakturang kumikitil sa malayang pag-iisip na nanggipit kay Pascual sa mga paglilitis ng CAFA. Ang kanyang pilosopiya't agnostisismo ay naging punto ng akusasyon ng komunismo, at ang kahit anong pananaw, gaya ng agnostisismo, na nagmumukhang kontra-Simbahan ay minamata ng matinding prehuwisyo (*prejudice*).

Mula sa pagsusuri niya kay Rizal ay hayag din ang panukala ng edukasyong mapagpalaya na nauna nang iminungkahi ng pambansang bayani sa kanyang mga nobela, at mahigit isandaang taon na ang nakakalipas ay nananatili pa ring may saysay sa kasalukuyang sitwasyon. Muli tayong babalik sa kuwestiyon ng kongkretong pagbabago; dumaan na si Rizal at si Pascual ngunit patuloy na umiiral ang halaga ng mga aral ni Rizal ukol sa pagmumulat sa madla. Hindi pa nalalaos ang mga hinalaw na mga aral mula kay Rizal, at maging ang mga hinahalaw natin ngayon mula kay Pascual.

Ang ikatlong puntong maaaring panghugutan ng politikal na pagdalumat ay mula sa konsepto niya ng partyless democracy. Nakapagbibigay rin ng ambag si Pascual sa kritisismo ng sistemang politikal ng bansa. Inilahad niya ang lahat ng panganib na kabilang sa isang demokrasyang binubuo ng mga partido politikal; at ang kaakibat nitong lisyang pananaw ukol sa demokrasyang tunay. Totoo ang sinabi ni Pascual na kinukunsinti ng mga sistemang partido ang pag-angat ng diktatura. Sinipi niya ang mga nangyari sa Alemanya noong panahon ni Hitler at Italya noong panahon ni Mussolini. At lalo pa, nasaksihan na natin ang mga kritisismong ito ni Pascual sa pag-angat ni Marcos, at ngayon naman sa ilalim ng Administrasyong Duterte. Ang panlipunang kinalalagyan ng bansa na binalot ng korapsiyon at partisan na mentalidad ng administrasyong ito, na kumikiling sa mga kaalyado ng pangulo (sa loob ng sirkulong politikal niya, at ang pagkiling niya sa mapanggipit na bansang Tsina) at hindi sa diwa at pangangailangan ng madlang Pilipino, nagiging imbitasyon ang muling pagbisita sa mga inihaing kritisismo ni Pascual ukol sa tunay na diwa ng Demokrasya; isang blueprint na nananawagan ng pagsasakongkreto kahit sa pinakalokalisadong anyo ng demokrasya. Maaari itong galugarin at pagtuunan ng pananaliksik; o dili kaya'y subukang suriin ang mga aspekto ng politikal na pilosopiya ni Pascual sa mas lokal na sitwasyon (maaaring ng mga baranggay o mas lokalisadong demokratikong institusyon).

Bilang pagtatapos, importanteng hindi lamang aralin ang pilosopiya para sa pilosopiya ngunit mas mahalaga pang gamitin ito upang patuloy na kuwestiyunin ang lipunang kinabibilangan ng mga mag-aaral. At nang sa gayo'y, gaya ng ginawa ni Pascual at ng idolo niyang si Rizal, ay patuloy na makapagreseta ng lunas ang mga susunod na henerasyon sa kanser na kumikitil sa buhay ng mamamayang Pilipino noong panahon pa ni Rizal.

## MGA TALA

1. Tinatawag ito ni Alfredo Co bilang Panahon ng Bagong Pag-iisip at Pilipinong Pilosopikal na Iskolarsyip na minarka niya sa taong 1950-1985 (Abulad at Co 7). Kung mas magiging ispesipiko tayo sa kategorisasyon, ayon naman kay Abulad na tinawag itong panahong ito bilang Ikalawang Kolonyalismo, upang itangi mula sa Naunang Kolonyalismo noong panahon ng Kastila na pinaghaharian ng Tomismo, ngunit panahon pa rin ng paghiram ng dayuhang konsepto at metodolohiya na sa mata ng mga Pilipinong pilosopo noong panahong iyo'y napakabago sa pandinig.
2. Sariling salin.
3. Salin ko ito sa tinutukoy ni Romualdo Abulad na indigenization, na hinati nito sa dalawang bahagi: early at late indigenization, kung saan sinikap ng naunang pagkilos ang pagtuklas sa pag-iral ng isang katutubong pilosopiyang Pilipino, at ang huli nama'y ang pagdistansya sa naturang pagkilos.
4. Giit halimbawa ni Liwanag sa kanyang pag-aaral ang pangunahing pokus ng pag-aaral niya'y ang mga tekstuwal na pilosopiya nina Quito at Mananzan (115). Ganito rin ang katuwiran ni De Leon sa kanyang aklat. Katunayan, nagtamo ito ng kritisismo mula kay Leonardo Mercado; batid niyang "Ang mga klasipikasyon ni Demeterio'y nagpapakita na hindi pa tuluyang bumubukod sa mga tali ng Kanluraning amo ang mga pilosopo natin" (23).
5. Sariling salin.
6. Sariling salin.
7. Sariling salin.
8. Umusbong ang kilusan ng Logical Positivism sa tinaguriang Vienna Circle noong 1920. Kilala ang kilusang ito sa matinding pagkiling sa siyentipikong kaalaman, sa puntong isinasantabi nito ang metapisikal na mga katanungan ng mga naunang pilosopo. Matindi ang pagpapahalaga nila sa siyentipikong metodo at eksperimentasyon, at naniniwalang ang lahat ng kaalama'y dapat naipaliliwanag ng matematika, lohika at siyensiya. Ang ganitong prinsipyo'y hindi katanggap-tanggap sa mga lugar na malakas ang institusyong panrelihiyon, gaya halimbawa ng UP noong dekadang ito.
9. Si Bertrand Russell ay isang kilalang umoobserba sa mga prinsipyo ng lohikal na positibismo na minana naman ni Pascual sa kanya. Kilala siya sa mga akdang gaya ng *Principia Mathematica* (1910) at *Our Knowledge of the External World as a Field for Scientific Method in Philosophy* (1913) na naging malaking impluwensiya sa kilusan ng mga lohikal na positibista na umusbong sa Vienna Circle noong 1920. Espesyalisado din si Russell sa matematika at simbolikong lohika na naging maimpluwensiya naman sa kaisipan ni Pascual.
10. Sariling salin.

11. Sariling salin.

12. Sariling salin.

13. Importanteng isarado na sa kahit anong spekulasyon kung may ugnayan nga ba si Pascual sa komunismo sapagkat wala. Mula sa tala ni De Joya, hindi rin naging malinaw sa CAFA kung ano ang kategorikal na depinisyon nila sa salitang "komunismo" upang gawing pamantayan sa paglilitis kay Pascual (9). Pinaratangan halimbawa ang paggamit niya ng terminong buklod bilang senyales ng kanyang ugnayan, na kakatwang tinabla naman ni Pascual bilang isang bakas ng imahinasyon. Ang Philosophical Association of the Philippines naman, na ngayo'y isang malawak na organisasyong Pilosopiko na itinatag ni Pascual, ay inakusahan din bilang isang komunistikong organisasyon.

14. Matatandaang ayon nga sa pagsasalaysay ni De Joya (16) naging malaking isyu pa sa paglilitis ng CAFA kay Pascual ang pagkiling nito sa eskuwelang pangkaisipang Logical Positivism (kung saan siya na-redtag). Kilala rin si Pascual sa mariing paggamit niya ng lohika sa kanyang mga diskusyon sa klase sa symbolic logic, na nagtamo ng maraming oposisyon sa pamantasan. Ayon nga kay De Joya "Isang gradwadong estudyante sa Chicago noong gitnang dekada trenta, nagkaroon ng oportunidad si Pascual na makatrabaho ang analitikal na pilosopong Briton na si Bertrand Russell, isa sa nangungunang tagapagsulong ng kilusang lohikal na positibista. Sariwa pa sa kanyang mga araling doktorado, bumalik si Pascual sa Pilipinas upang maghasik ng 'ebanghelyo' ng positibismo, na nangangahulugang aplikasyon ng siyentipikong metodo at simbolikong lohika" (20; sariling salin).

15. Sariling salin.

16. Sariling salin.

17. Sariling salin.

18. Interesanteng punto ito sapagkat marami sa mga tala tungkol sa mga nangyari noong CAFA Witchhunts noong dekada sisenta, bukod sa artikulo ni De Joya ay nilalarawan si Pascual bilang isang logical positivist, na honoraryong titulo ito sa ngalan ng naturang pilosopo. Halimbawa ang artikulo mula sa Manila Times na pinamagatang "The Struggle Between the Liberals and the Religio-Sectarians" (2010). Ito ay sapagkat, kung titingnan din natin sa maigsing pagtalakay ng kontrobersiya ni Pascual sa UP sa papel na ito, ang pagiging logical positivist ni Pascual ang isa sa ginawang punto ng kontrobersiya ng CAFA bilang ugat ng red-tagging at anti-klerikalismo o Godlessness ni Pascual. Tila nakakabit na ito sa reputasyon ni Pascual, kaya naman sa ibang mga papel, gaya ng "Moral Forces, Philosophy of History, and War in Jose Rizal" ni Ramon Guillermo'y, tinatagurian niya itong "nangungunang lohikal na positibistang pilosopo ng Unibersidad ng Pilipinas" (6; sariling salin).

19. Sariling salin.

20. Sariling salin.

21. Sariling salin.
22. Sariling salin.
23. Sariling salin.
24. Sariling salin.
25. Sariling salin.
26. Makikita natin ito halimbawa sa kritisismo niya sa lisyang pananaw sa edukasyon na nahahawig sa analisis ni Pascual kay Rizal. Giit halimbawa ni Constantino ukol sa edukasyon na patay ang intelektuwal na tradisyon sa bansa sapagkat hindi lumilikha ng mga gradweyt na may kritikal na pag-iisip at lalong hindi nauunawaan ng mga ito ang kahulugan at layunin ng bansa (Constantino, "Intelektwalismo at Wika" 9).
27. Sariling salin.
28. Sariling salin.
29. Sariling salin.
30. Sariling salin.
31. Sariling salin.
32. Sariling salin.

## MGA SANGGUNIAN


Abinales, Patricio. "Jose Maria Sison and the Philippine Revolution: A Critique of an Interface." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* tomo 8, blg. 1, 1992, pp. 7–95.

Abulad, Romualdo, and Alfredo Co. *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*. UST Publishing House, 2004.

Caouette, Dominique. "Chapter 15: Constructing and Controlling People's Power from the Grass Roots: Philippine Social Movement Activism in a Historical Perspective." *Economic and Political Change in Asia and Europe*, edited by Bernadette Andreosso-O'Callaghan and Frédéric Royall, Springer, 2013, pp. 243–82.

Constantino, Renato. "The Miseducation of the Filipino." *The Filipinos in the Philippines and Other Essays*. Malaya Books, 1966.

De Joya, Preciosa. "Exorcising Communist Specters and Witch Philosophers: The Struggle for Academic Freedom of 1961." *Kritika Kultura*, tomo. 26, 2016, pp. 4–32.

De Leon, Emmanuel. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*. Komisyon sa Wikang Filipino, 2019.

Demeterio, F.P.A. III. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy.". *Philippiniana Sacra*, tomo. 49, blg. 147, 2014, pp. 189–230.

———. "Status and Directions of 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo and Co'." *Φιλοσοφια: International Journal of Philosophy*, tomo. 14, blg. 2, 2013, pp. 186–215.

Guillermo, Ramon. "Moral Forces, Philosophy of History, and War in Jose Rizal." *Philippine Studies* tomo. 60, blg. , 2012. pp. 5–32.

Liwanag, Leslie, and F.P.A. Demeterio III. "Emerita Quito, Mary John Mananzan, and Filipina Philosophy: A Critical Comparison of the Thoughts of the two Leading Female Philosophers of the Philippines." *Humanities Diliman*, tomo. 15, blg. 1, Jan.–July 2018, pp. 108–38.

Pascual, Ricardo. "The Religion of Rizal." *Historical Bulletin*, tomo. 3, blg. 4., Dec. 1969.

———. *Bedrock of Freedom*. U of the Philippines P, 1958.

———. *Foreign Policy of the Republic of the Philippines*. Philippine Institute of World Affairs, 1958.

———. *Partyless Democracy: A Blueprint for Political Reconstruction of Post-War Philippines*. Quezon City, U of the Philippines P, 1952.

———. *Present-day Philippine Economic Problems and their solution*. Institute of Pacific Relations, 1950.

———. *Rizal Beyond the Grave: A Reiteration of the Greatness of the Martyr of Bagumbayan*. Manlapit Press, 1935.

———. *Rizal on Education: A Tetralogy of Dramas*. Community Publishers, 1962.

———. *Social and Cultural Development of the Philippines*. MaPhilippine Council, Institute of Pacific Relations, 1950.

———. *he Philosophy of Rizal*. U of the Philippines P, 1962.

Tadem, Eduardo. "A Military Officer Explores the Roots of Social Unrest." Review of *When the Rains Come, Will Not the Grass Grow Again?: The Socialist Movement in the Philippines, 1920–1960* of Dante Simbulan. Pantas Publishing & Printing Inc., 2018.

______________

**Joshua Mariz B. Felicilda** (joshua.felicilda@dlsu.edu.ph) is currently an assistant professor lecturer at the Filipino Department of De La Salle University (DLSU), Manila and is currently taking his Ph.D. in Araling Filipino: Wika, Kultura at Midya in the same university. He has published and co-authored various articles in *Kritike* ("Si Demeterio at ang Pilosopiyang Filipino"), *Humanities Diliman* ("Ang mga Ideyang Politikal sa mga Libro ni F. Sionil Jose"), and in other journals. He finished his M.A. in Araling Filipino at DLSU and A.B. in Philosophy at the University of Santo Tomas.